

Mga Internasyonal Student At Mga Numero ng Social Security



Ikaw ba ay pansamantalang nasa Estados Unidos upang mag-aral sa kolehiyo, paaralan ng wika, paaralang vocational o di-akademikong paaralan at mayroong isang di-imigranteng klasipikasyon bilang **F-1, M-1 o J-1** student? Maaaring hilingin sa iyo ng iyong paaralan ang iyong numero ng Social Security. May ilang mga kolehiyo at mga paaralan na gumagamit ng mga numero ng Social Security bilang mga ID ng mag-aaral. Kung wala kang numero ng Social Security, mabibigyan ka naman ng kolehiyo o paaralan ng ibang ID na numero.

Karaniwang itinatalaga ang mga numero ng Social Security sa mga taong pinahintulatang magtrabaho sa Estados Unidos. Ang mga numero ng Social Security ay ginagamit upang iulat sa pamahalaan ang iyong mga sahod at upang tiyakin ang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyong sa Social Security. Hindi ka bibigyan ng Social Security ng isang numero para lamang makapagrehistro ka sa isang kolehiyo o paaralan.

Ano ang dapat kong gawin upang magtrabaho sa Estados Unidos?

Kung gusto mong makakuha ng trabaho sa kampus, dapat mong tawagan ang iyong hinirang na opisyal sa paaralan para sa mga internasyonal student. Masasabi sa iyo ng opisyal na ito kung ikaw ay kwalipikadong magtrabaho sa kampus at mabibigyan ka niya ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang trabaho. At maaari ring aprubahan ng iyong paaralan ang ilang limitadong trabaho sa labas ng kampus, alinsunod sa pinahihintulutan sa ilalim ng mga patakaran ng Department of Homeland Security (Kagawaran ng Seguridad ng Sariling-Bayan) (Department of Homeland Security, DHS). **Kung pinahintulutan ka ng iyong paaralan na magtrabaho sa loob o labas ng kampus, at natutupad mo ang mga pangangailangan ng Social Security sa pagiging kwalipikado, na inilarawan sa susunod na seksyon, makakakuha ka ng isang numero ng Social Security.**

Paano ako mag-aaplay para sa isang numero ng Social Security?

Sa pangkalahatan, tanging mga hindi mamamayan lamang na mayroong pahintulot na magtrabaho mula sa DHS ang maaaring mag-apply para sa isang numero ng Social Security. Aming iminumungkahi na ikaw ay maghintay nang 10 araw matapos dumating sa Estados Unidos sa pag-apply ng isang numero sa Social Security. At dapat ka rin mag-ulat sa iyong paaralan bago mag-apply para sa isang numero. Sa pagsasagawa ng mga aksyong ito

ang siyang magtitiyak sa iyong pandarayuhang katayuan sa Kagawaran ng Seguridad sa Tinubuang-Bayan (Department of Homeland Security, DHS).

Upang mag-aaplay para sa isang numero ng Social Security:

- Kumpletohin ang isang *Aplikasyon Para Sa Isang Kard Ng Social Security* (Form SS-5-TL); at
- Ipakita sa amin ang mga orihinal na dokumento na nagpapatunay ng iyong:
 - Pandarayuhang katayuan sa kapahintulutan na magtrabaho;
 - Edad; at
 - Pagkakakilanlan.
- Dalhin ang iyong kinumpletong aplikasyon at mga orihinal na dokumento sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security.

Ang pang-imigrasyong katayuan

Upang patunayan ang iyong pang-imigrasyong katayuan, dapat mong ipakita sa amin ang kasalukuyang US na dokumento sa imigrasyon, ang I-94, *Arrival/Departure Record* (*Rekord ng Pagdating/Pag-alis*), na inisyu sa iyo nang dumating ka sa Estados Unidos. Kung ikaw ay isang F-1 o M-1 student, kailangan mo rin ipakita sa amin ang iyong I-20, *Certificate of Eligibility for Nonimmigrant Student Status* (*Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado sa Katayuang Di-imigranteng Mag-aaral*). Kung ikaw ay isang J-1 exchange visitor, dapat mong ipakita sa amin ang iyong DS-2019, *Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado sa Katayuang Exchange Visitor* (*Certificate of Eligibility for Exchange Visitor*).

Pagiging kwalipikado na magtrabaho

Kung ikaw ay isang F-1 student at kwalipikadong magtrabaho sa kampus, dapat kang magbigay ng isang sulat sa iyong hinirang na opisyal sa paaralan na:

- Nagsasabi kung sino ka
- Nagkukumpirma sa iyong kasalukuyang status sa paaralan; at
- Nagsasabi kung sino ang iyong pinaglilingkuran at nagsasabi kung anong uri ng trabaho ang ginagawa o gagawin mo.

Kailangan din namin makita ang ebidensiya ng trabahong iyon, tulad ng kamakailan-lamang inisyu na pay slip o isang sulat mula sa iyong pinaglilingkuran. Dapat pirmahan at petsahan ng iyong superbisor ang sulat na nagpapahayag na natanggap ka sa trabaho. Dapat ilarawan ng sulat na sulat ito ang:

- Iyong trabaho;
- Iyong petsa ng pagsimula sa trabaho;

(kabala)

- Bilang ng mga oras na ikaw ay nagtrabaho o magtrabaho; at

- Ang pangalan at telepono ng iyong superbisor.

Kung ikaw ay isang F-1 student na pinahintulatang magtrabaho sa curricular practical training (CPT), dapat mong ibigay sa amin ang iyong Form I-20, kasama ng pahina ng trabaho (pahina 3) na kinumpleto at pinirmahan ng opisyal na hinirang ng iyong paaralan.

Kung ikaw ay isang F-1 o M-1 na estudyante at mayroong kapahintulutan na magtrabaho (Form I-766) mula sa DHS, dapat mo itong ipakita.

Kung ikaw ay isang J-1 na estudyante, mag-aaral na interno at dayuhang bisita, dapat kang magpakita ng isang sulat mula sa iyong tagatangkilik. Ang kasulatan ay dapat nasa letterhead ng tagatangkilik na mayroong orihinal na lagda na nagbibigay pahintulot sa iyong pagtatrabaho.

Hindi naming maproposeho ang iyong aplikasyon kung:

- Ang iyong on-campus o CPT na trabaho ay magsisimula nang higit sa 30 araw mula sa iyong petsa ng aplikasyon; o kaya
- Ang petsa ng simula ng pagtatrabaho sa iyong work permit mula sa DHS (Form I-766) ay nakapetsa sa hinaharap o sa darating na panahon.

Edad

Dapat mong ibigay ang iyong banyagang katibayan sa kapanganakan (birth certificate) kung ikaw ay mayroon nito o kung maaari mo itong kunin sa loob ng 10 araw na may pasok. Kung hindi, maaari naming isaalang-alang ang ibang mga dokumento, tulad ng iyong pasaporte o isang dokumento na ipinagkaloob ng DHS, bilang katibayan ng iyong edad.

Identidad

Matatanggap lamang namin ang ilang mga takdang dokumento bilang katunayan ng pagkakakilanlan. Ang isang matatanggap na dokumento ay dapat pangkasalukuyan (hindi expired) at dapat magpakita ng iyong pangalan, impormasyon ukol sa pagkakakilanlan, at kung maaari, isang retratong kinuha kamakailan lamang. Hihilingin ng Social Security na makita ang iyong mga kasalukuyang dokumento ng imigrasyon para sa US. Kabilang sa mga tinatanggap na dokumento ng imigrasyon ang iyong:

- Form I-551 (kabilang ang immigrant visa na nababasa ng makina, kasama ng iyong hindi expired na pasaporte mula sa ibang bansa);
- Form I-94 na kasama ang iyong hindi pasong banyagang pasaporte; o
- Form I-766 (kapahintulutan na magtrabaho mula sa DHS).

Ang lahat ng mga dokumento ay dapat orihinal o mga kopya na sertipikado ng ahensiyang nag-iisyu. Hindi kami maaaring tumanggap ng mga photocopy o mga ipinanotaryong kopya ng mga dokumento. Hindi rin kami maaaring tumanggap ng resibo na nagpapakitang nag-aplay ka para sa dokumento. Maaaring gamitin namin ang isang dokumento para sa dalawang layunin. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong DHS work permit bilang katunayan ng iyong pagiging kwalipikado upang magtrabaho, at ng identidad. **Gayunman, dapat kang magpakita ng kahit man lamang dalawang magkahiwalay na dokumento.**

Kailangan ko ba ng numero ng Social Security bago ako magsimulang magtrabaho?

Hindi namin iniaatas sa iyo na magkaroon ng numero ng Social Security bago ka magsimulang magtrabaho. Gayunman, iniaatas ng Internal Revenue Service sa mga empleyado na iulat ang mga suweldo gamit ang isang numero ng Social Security. Habang hinihintay mo ang iyong numero ng Social Security, maaaring gamitin ng iyong pinaglilingkuran ang isang sulat mula sa amin na nagsasabi na nag-aplay ka na para sa isang numero. Magagamit ng iyong pinaglilingkuran ang iyong mga pang-imigrasyong dokumento bilang katunayan na ikaw ay may pahintulot na magtrabaho sa Estados Unidos. Ang mga pinaglilingkuran ay makakahanap ng karagdagang impormasyon sa Internet sa www.socialsecurity.gov/employer/hiring.htm.

Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa www.socialsecurity.gov o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyon telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.